

1

Naniniwala ka ba sa kasabihang *first love never dies*? Ako, oo. Hindi lang ako naniniwala, damang-dama ko pa. Paano, itong bwisit na ex ko ay hindi mamatay-matay, hayop siya! Ewan ko ba kung anong kasalanan ang nagawa ko sa mundong ibabaw at pinaparusahan ako nang ganito. Naisip ko tuloy, siguro mass murderer ako noong nakaraang buhay ko at kumitil ako ng buhay ng ilang milyong inosenteng kaluluwa dahil kahit anong iwas ko sa kanya ay parati kaming nagkikita.

Well, it couldn't be helped since he's my older brother's best friend kaya magkadikit na iyong mga pusod nilang dalawa. At hindi lang iyon, magkasama pa sila sa iisang banda. Still, I wished that he'd make himself scarce.

Ayoko siya. Ayoko *na* siya. Ayoko na siyang makita pa. Ayoko na siyang makausap pa. At ayokong pilitin ang sarili kong pakitungahan siya nang maayos samantalang halos gabi-gabi ay minumura ko siya sa isip ko kapag pagod na akong umiyak.

Pero, sabi nga nila, you can't have everything.

And his absence was one of those *everything*s that I wished for but wasn't granted.

"Hi, Faith," nakangisi niyang bati.

Boses pa lang niya ay kumukulo na ang dugo ko at nagpoprotesta na lahat ng ugat ko sa katawan sa sobrang kabwisitan. Tiningnan ko siya nang masama at dere-derecho akong naglakad. Hindi ko maintindihan kung bakit hindi niya ramdam na ayaw ko siyang makita at mas lalong ayaw ko siyang makausap.

Sobrang manhid nitong isang 'to! Sarap ipatapon sa ibang planeta!

“Sungit naman,” he said and I clenched my jaw to stop myself from saying something rude.

I was letting him live because of my brother. Mahal na mahal ko kasi si Kuya kaya kahit na gusto kong patayin ang best friend niya ay tinitii ko na lang.

“Psst... Faith!”

“Bakit ba?” nakasimangot na tanong ko sa kanya. Kung hindi niya ramdam na ayaw ko siyang kausap, siguro naman ngayong sumigaw na ako ay tumagos na sa buto niya ang katotohanang hindi ako natutuwa sa pagmumukha niya.

“Wala lang,” he replied, smiling.

Dati kapag ngumingiti siya ay parang humihinto ang oras, bumubukas ang langit at bumababa ang mga anghel para kantahan ako. Pero ngayon kulang na lang ay magkaroon ako ng mga sungay at buntot at bumuga ako ng apoy sa sobrang inis.

“Bakit ba kapag nakikita mo ako ay sumisimangot ka kaagad? Parang ayaw mo akong makita, ah,” he asked loudly as I headed towards the stairs.

Wow. Ngayon niya lang napansin? isip-isip ko.

“Faith! Kausapin mo naman ako!”

“Ayaw kitang makausap kasi mukha kang naglalakad na listahan ng mga kabwisitan ko sa buhay,” bubulung-bulong kong sagot.

Siya si Dylan, at permanent fixture na siya sa bahay. At iyon ang lalong nakakapanis ng utak ko—bahay mo na nga, di mo pa maiwasan ang presensya niya.

“Ma’am Faith, gusto n’yo po bang magmerienda?” tanong ni Ate Gina, isa sa mga kasambahay namin na nakasalubong ko.

“Hindi na po. Kumain po ako bago umuwi. Nasaan po pala si Kuya?”

“Pababa na po, sinabi ko na pong nandito si Sir Dylan,” tugon

niya at tumango ako.

Tatlo kaming magkakapatid—ang Ate Diana ko na isang doktora tulad ng mga magulang namin, si Kuya na third year college na sa pasukan at ako na magka-college pa lang. Masasabikong ang kuya ko ang pinakapaborito kong tao sa mundo. Sa kanya ko kasi ramdam ang pagmamahal na hinahanap ko kina Mommy.

“Bunso!” Narinig kong may sumigaw mula sa taas ng hagdan at ngumiti kaagad ako. Halatang bagong ligo lang si Kuya kasi medyo basa pa ang buhok niya.

“Saan ang punta mo, Kuya?” tanong ko nang makalapit sa kanya.

He hugged me close. “Ang asim naman ng amoy ng bunso namin,” may halong biro niyang sabi at kinurot ko siya sa tagiliran.

Magkalapit kami ng edad ng kuya ko. Two years lang ang tanda niya sa akin. Kaya siguro kami close. Iyong ate kasi namin ay ten years ang agwat sa akin.

“Loko lang. Bango naman ng bunso.”

“Bola. Saan ka na naman ba pupunta?”

“Poporma,” he replied with a wink as he ruffled my hair.

Si Ate lang ang sumunod sa yapak ng mga magulang namin. Si Kuya kasi mahilig sa music kahit *Civil Engineering* naman ang kurso niya. Ako naman di ko pa alam kung ano ang hilig ko pero *Mass Communication* ang isinulat kong kurso sa application form ko sa *UPCAT*.

“Na naman?” nakangiting tanong ko. “Sino na naman ba ang kawawang babaeng ’yan?” Dahil nasa banda, maraming babaeng tumitili, nagpapa-cute, nagpapabola at nagpapauto kina Kuya.

I oftentimes pity those girls kasi si Kuya, wala yatang balak mag-girlfriend at puro fling-fling lang ang hanap.

“Anong ‘na naman’? Ngayon nga lang ako poporma. Para nga akong ermitanyo na wala nang ginawa kundi magkulong lang dito

sa bahay.”

“Ermitanyo? Ikaw? Eh, parati ka ngang wala dito. Maliban na lang kung ibang bahay pala ang tinutukoy mong inuuwian kaya hindi tayo nagkikita?”

“Uy, ikaw bunso, ha. Marami ka nang alam ngayon, maligo lang ang hindi.”

“Excuse me, ha!”

“O, ’wag nang magtaray.”

“Hindi ako nagtataray. Sinasabi ko lang ang totoong ako lang naman yata talaga ang laman ng bahay na ito kasi parati kayong wala. Lalo ka na, Kuya. Wala ka yatang misyon sa buhay kundi ang mang-uto ng mga babae.”

“Dionne Faith Belleza, you are turning into a pain in the neck,” he fondly said before pinching my right cheek.

“Ows? May pain in the neck ba na ganito kaganda?” I joked and he laughed.

“O sige na at nasa baba daw si Dylan at naghihintay. Poporma din kasi siya,” he said.

I felt more irritated. *Ang kapal talaga ng mukha ng lalaking ’yun!*

Hanggang ngayon, nakokonsyensya pa rin ako dahil inilihim ko kay Kuya na naging kami ng best friend niya. But Dylan and I thought then that it was for the best. I was just fifteen while he was a freshman in college. It lasted for more than a year and it ended badly. Gusto kong isiping wala akong pagsisisi; gusto kong magkunwaring okay lang ako at hindi ako galit, pero hindi ako ganoon kagaling magkunwari.

“Sige po, Kuya. Ingat sa pagmamaneho,” I said, pasting a smile on my face.

He kissed the top of my head before he waved goodbye and ran down the stairs.

“Dy, tara na!” I heard my brother say as I stepped into my

bedroom.

I closed the door behind me. I've known Dylan for more than ten years, loved him for five and hated him for four months now. Kahit ayokong bilangin kung gaano katagal na kaming wala ay ramdam ko ang bawat araw na iniyyakan ko siya.

"Bakit ba kasi pumupunta 'yun dito parati?" I angrily whispered to myself as I took off my sandals.

Hindi kami pormal na naghiwalay. Anyway, hindi rin naman pormal na naging kami—nagkatuksuhan, nagkaaminan, nagkagulatan na nauwi sa isang relasyon na sa una lang masaya.

But I had to admit that the times we spent as a couple, even if we had to restrain our feelings because no one knew, were the happiest of my life.

Iyon nga lang, noong naghiwalay kami ay para akong hinulog sa impiyerno sa sakit.

"Faith!" narinig kong tawag ni Kuya at dali-dali akong tumayo para buksan ang pinto.

"Bakit, Kuya?"

"Pwede ka bang sumama sa amin?"

"Ha? Dahil? Ano nama'ng gagawin ko kasama kayo?" I asked, arching my brow.

"Yan ka na naman, nagtataray ka na naman," natatawang sabi ng kapatid ko. "Ikaw din, baka sa sobrang taray mo ay hindi ka na magkaka-boyfriend n'yan."

"Been there, done that."

"Ano?"

"Wala, Kuya. Teka nga pala, bakit kailangan kong sumama?"

"Birthday ng daddy ni Dylan kaya kakanta kami kaso wala si Trina dahil daw may sakit kaya wala kaming vocals na babae."

"Ngee. Eh, bakit ako?"

"Sige na. Si Dylan ang nag-suggest. Kung may oras lang kaming maghanap, eh, hindi namin pagtitiisan 'yang boses mo,"

pabirong sagot ng kapatid ko at sinimangutan so siya.

“Salamat, ha!” I said sarcastically and he laughed

“Sige na, Bunso. Parang di mo naman kilala ang pamilya ni Dy. Nasabi na naming tutugtog kami kaya nakakahiya nang mag-back out. At saka birthday ng daddy niya. Panigurado, inaasahan nilang kakanta si Dylan sa party.”

“Hindi n’yo ba kayang kayo lang? Kumakanta naman kayong lahat. Hindi ba, kahit sina Kuya Macky kumakanta rin?”

“Iba pa rin siyempre kapag may boses ng babae. Ayaw mo n’un, mapapaligiran ka ng mga ganito kagagwapo sa isang gabi? Aba, maraming babae ang papatay para makasama lang namin sa stage. Dapat nga nagtatatalon ka sa tuwa.”

“Sus. Sorry, ha, pero hindi ako kasing-babaw niyang mga babaeng sinasabi mo. At kayo? Gwapo? Utang na loob naman.”

“Bunso naman, eh. Ngayon lang hihingi ng pabor ang Kuya ’tapos tatanggihan mo pa.”

“Ayoko nga. Busy ako.”

“Anong busy? Bakasyon na kaya. Nagmartsa ka na po noong isang linggo at malapit na pong matapos ang Marso. At ikaw na rin ang nagsabi na ikaw lang ang tumatao sa bahay na ito. Ayaw mo n’un? Kahit isang araw lang ay maiba naman ang buhay mo?”

“Kakagaling ko lang po sa labas kasi nagsimba po ako.”

“Palasimba ka nga, pero hindi mo naman mapagbigyan ang kuya mo,” sabi niya, at bumuntong-hininga.

Kung anoman ang galit ko kay Dylan ay di n’un kayang bawasan ang pagmamahal ko sa kapatid ko. At kahit alam kong nagdadrama lang si Kuya at naglulungkot-lungkutan ay di ko pa rin mapigilan ang sarili kong maawa.

“Pati ’yun lang, eh. Ngayon lang hihingi ng pabor si Kuya kay Bunso, eh,” dagdag niya na mukhang pinagkaitan ng kaligayahan ng buong mundo.

Tinitigan ko siya nang matagal at bumuntong-hininga siya

ulit.

Hay, Naku! Ito talagang si Derrick Friedrich Belleza ang galing magpaarwa!

“Sige, alis na kam—”

“May bayad ba ’to? Hindi kasi lumalabas ang boses ko kapag libre,” I said and he laughed before hugging me to his chest.

“Itong yakap ni Kuya hindi pa ba sapat na kabayaran?” he asked as I hugged him back.

“Korni mo, Kuya. Sige na, maliligo lang ako nang mabilis ’tapos magbibihis na ako agad.”

“Maliligo ka pa?”

“Ten minutes baba na ako. Kita mo naman ang igsi ng buhok ko,” I said and he nodded before he smiled and left.

My hair used to be very long. Lampas baywang ang haba, Pero dahil nga depressed ako, eh, nagpagupit ako. Sobrang bad move kasi para ko na ring ipinangandalakan na broken-hearted ako at nalaman tuloy ng unggoy na iyon na nasaktan ako sa ginawa niya.

Ang maganda lang ay wash and wear itong buhok na ’to.

I took a bath and changed into a pair of denim jeans, white blouse and a pair of white sandals. Agad akong bumaba at sa hagdanan pa lang ay kinantyaw na ako ni Kuya. He might be very dear to me but there were times when I wanted to strangle his neck and this was one of those times.

“Eto na ang *Mutya ng Pasig!*” Kuya announced as I descended the stairs. I stopped walking to glare at him and then turned to head back to my bedroom. “Biro lang!” he said, laughing. “Faith! Faith naman, biro lang!”

“Pasalamat ka talaga mabait ako,” I grumbled.

Hindi ko alam kung nararamdaman ni Kuya na demonyo na ang tingin ko sa best friend niya ngayon samantalang dati ay close kami. Sabagay, sa sobrang dense ng mga lalaki, siguro ay hindi pansin ng kapatid ko ang pagbabago sa pakikitungo ko sa

kaibigan niya. Malamang ay inisip niya lang na mainit ang ulo ko kaya hindi ako ngumingiti sa katabi niyang nakangisi at mukhang demonyo.

“Ang ganda mo ngayon, Faith, ah,” said the object of my voodoo wishes and I smiled at him even when I was cursing his existence in my head.

Two-timer. Hayop. Gago. “Matagal na,” I answered.

Kahit ano’ng paalala ko sa sarili kong tama na sa pagiging ampalaya ay hindi ko magawa. Paano ka ba naman kasi makakamove on sa isang taong hindi ka man lang mabigyan ng kaunting space to lick your wounds?

Hindi man lang ako mabigyan ng panahon ng taong ito para ipagluksa siyang hampas-lupa siya!

“O, tara na.” Kuya clapped his hands, oblivious to the tension brewing between me and Dylan.

Sabay kaming tatlo na naglakad palabas ng bahay. Si Kuya na ang nagsara ng gate.

“Kayong dalawa, sa harap kayo para magkasya tayo sa sasakyan at dadaanan pa natin sina Macky,” my brother announced and I stopped dead in my tracks. “O, bakit, Faith?”

“Anong sa harap kami, Kuya? Masyado naman na yata akong matanda para magpakalong pa sa kanya!” I said hotly, unable to hide my annoyance.

“Init naman ng ulo mo,” Kuya remarked. He looked at me, surprise in his face. “Hindi ka naman magpapakalong kay Dy. Sa payat mong ’yan ay pwede kayong magtabi sa harap.”

“Taxi na lang ako!”

Ano ba naman, ’to! Kakabwisit! Iniiwasan mo nga ’tapos— badtrip! Dapat di na lang ako pumayag na sumama sa mga ’to!

“Anong taxi? Hindi na. Ano ka ba? Ang daming arte naman nitong si Bunso. Para mo na nga ring kuya iyang si Dylan ’tapos nahihiya ka pa?”

Kuya niya mukha niya. Two-timer ang gago sarap ihulog sa isang higitang kawawa na puno ng kumukulong mantika, I angrily thought.

Dylan two-timing me was bad enough. But, what angered me more was going behind my brother's back only to be betrayed.

"Ayoko nga sa harap!" I repeated, stomping my feet. "Kung gusto n'yo ay hindi na lang ako sasama—"

"Sa likod na lang ako, Derrick," Dylan interrupted my rant. "Okay lang naman sa akin sa likod. Baka hindi magiging komportable si Faith—"

"Lalo kayong hindi magkakasya d'un at apat pa ang sasakay sa likod. Sa harap ka na," giit ni Kuya. "Bakit ba ang init ng ulo mo lately, Faith? Ang bata mo pa yata para mag-menopause," biro niya.

Hindi na ako umimik. Takot kasi akong baka hindi ako makapagpigil at murahin ko sa harap niya si Dylan at baka kung kailan pa hiwalay na kami ay saka malaman ni Kuya na nagkaroon kami ng relasyon.

Nauna akong pumasok sa loob ng sasakyan at sumunod si Dylan. I moved as far away from him as the confined space allowed.

"Sandal ka," he instructed but I ignored him and moved forward until I was nearly leaning against the dashboard.

Ang awkward kasi na iyong taong gusto mong kadikit mo magdamagan dati ay ang taong ayaw mo nang madikit kahit dulo ng balahibo mo man lang ngayon.

Kumakanta si Kuya habang nagmamaneho. Ako naman ay sumakit na ang leeg sa kakatitig sa bintana sa gilid ni Kuya dahil ayokong tingnan si Dylan.

Ang tanga ko lang. Bakit ba ako pumayag sumama sa mga 'to? I asked myself silently as my brother hummed.

"Okay lang kayong dalawa?" tanong ng kapatid ko.

I wanted to launch into a tirade but held my tongue.

Ipinangako ko kasi sa sarili ko na hindi kahit kailan malalaman ng kapatid ko na naging kami ng kaibigan niya.

“Okay lang, Derrick,” sagot ng katabi ko.

“Tek, pa-load lang ako,” sabi ni Kuya noong may nadaanan kaming tindahan. “Putol na kasi linya ng telepono ko kaya itong prepaid na gamit ko,” dagdag niyang nakangiti sa amin. Itinabi niya ang sasakyan bago ihininto at bumaba siya.

“Excuse me, bababa rin ako,” I murmured and Dylan sighed.

“Kumusta ka na?” he asked. Ni hindi siya kumilos para makababa ako.

“Excuse me muna,” I said, ignoring his question.

Apat na buwan na ang nakalipas pero ngayon lang siya nagkalakas ng loob na kausapin ako. I waited for four freaking months!

“Kumusta ka na, Faith?” he repeated.

“Humihinga pa rin,” I answered, anger evident in my voice. “Now, could you move para makababa ako?”

“Masaya ka ba?”

“What the f*ck is wrong with you? Kailangan bang may interview para makababa lang ako?” I wanted to wring his neck. I was trying my best to keep my temper in check but I felt that he was doing his best to make me furious.

“Alam mo ba kung bakit hindi tayo nakapag-usap? Kasi parating mainit ang ulo mo,” he stated calmly and I glowered at him. “Tingnan mo, kinumusta lang kita pero ganyan na kaagad ang reaksyon mo.”

“Sino’ng hindi iinit ang ulo sa ’yo?”

“Bakit, ano ba ang ginawa ko? Bigla ka na lang nagalit. Bigla ka na lang mambabagsak ng telepono. Bigla na lang ayaw mo akong kausapin at bigla-bigla na lang ayaw mo akong maging parte ng buhay mo.”

“Anong bigla-bigla? Four months na tayong hindi nag-uusap

'tapos sasabihin mo sa akin na bigla? Gago ka ba?"

"Oo, gago ako! Gago ako kasi hindi ko maintindihan kung bakit ka ganyan! Ang sabi mo gusto mo ng space and I gave it to you!"

I could tell that he was angry. "Sino ang nagbigay sa 'yo ng karapatang magalit, ha?"

"Bakit wala akong karapatang magalit? Hindi ko nga alam kung ano ang kasalanan ko sa 'yo! Hindi ko alam kung bakit ka nagkakaganyan!"

"Anong hindi mo alam? Yes, I asked for space because I was reviewing for my finals! Space lang hiningi ko sa 'yo pero mas mabilis ka pa sa alas kuwatrong nakahanap ng ipapalit sa space na iniwan ko pansamantala!"

"What?" he looked very confused and I gritted my teeth.

"What mo mukha mo, bwisit ka!"

"Ano'ng sinasabi m—"

"Tumahimik ka, nand'yan na si Kuya!" I hissed as I saw Kuya approach.

"Nag-aaway ba kayo?" my brother asked as he slid into the driver's seat. He turned the engine on and glanced sideways at us. "Parang may kakaiba sa inyong dalawa—"

"Wala kaya!" I replied. Too quickly. "Ano... um... nagpapatulong lang ako sa kumag na 'to," I lied.

"Bunso, sumusobra ka na. Parati mo na lang inaasar si Dylan. Hindi mo na nga 'yan tinatawag na *Kuya* 'tapos todo pa kung alaskahin mo," he lectured as we drove off. "Igalang mo 'yan, mas matanda 'yan sa 'yo kahit na isip-bata pa 'yan." Dinugtungan niya iyon ng tawa.

"Hindi naman, Kuya. Mabait nga ako d'yan, eh," I said.

"Mabait daw," Dylan mumbled and I felt like grabbing him by the hair and slamming his head against the window in infuriation.

"May sinasabi ka, Dy?" tanong ni Kuya at kinurot ko ang

tagiliran ng demonyong katabi ko.

Lokong 'to, mabuking pa kami dito! Babalatan ko talaga 'to nang buhay!

“Wala,” Dylan muttered before he sighed. “Usog ka naman nang kaunti, nangangawit na ako sa kakalambitin dito sa ceiling handle,” he told me and I turned my head to glower at him.

“Wala nang space!” I retorted, and yelped when he leaned against me. “Kuya, o!”

“Para kayong mga bata,” my brother remarked, laughing. “Dalaga na 'yang kapatid ko, Dy, 'wag mo nang tratuhing parang bata 'yan.”

“Alam kong dalaga na 'to,” Dylan replied, his voice soft and I felt cold and warm at the same time. “Dalagang-dalaga na itong Faith ko,” he whispered briefly against my shoulder and my breathing hitched.

“Ano ba!” I hissed as I pushed him away from me. “Lumayo ka nga!”

“Ayoko,” he said, grinning.

We stopped outside a gray gate. Bumusina si Kuya at ilang minuto lang ay lumabas na si Kuya Macky, ang drummer nila sa banda.

“Aba, kasama pala si Faith! Hi, Faith!” bati niya.

“Hi, Kuya Mac!”

“Si Faith muna kakanta kasi may sakit si Trina,” sabi ni Kuya.

“Oo nga, nag-text sa akin. Chicken pox daw,”

“Ang late naman niyang nagka-chicken pox. Mabuti kami ng mga kapatid ko elementary pa lang yata nagkaroon na n'un.”

“Kawawang Trina, hindi na flawless,” natatawang tugon ni Kuya Macky.

Sinundo namin ang iba pang miyembro ng banda at ang ingay nilang lahat—biruan, kanyawan at walang humpay na alaskahan.

“Kumusta na 'yung model sa car show na lumambitin sa 'yo

nang todo, Derrick?” tanong ni Kuya Siegfred. “Tinawagan mo ba?”

“Hoy, dahan-dahan. Kasama natin ang kapatid ko. Mamaya, isipin ni Bunso na hindi mabait ang kuya niya.”

“Kuya, alam kong hindi ka mabait,” sagot ko at nagtawanan silang lahat.

“Kelan mo ba makukuha sa talyer ang kotse mo, Dy?” tanong ni Kuya Robert na gitarista ng banda nila.

“Next week pa.”

“Ano ba kasi’ng nangyari d’un?” usisa ni Kuya Siegfred.

“Nabangga,” Dylan answered.

“Nabangga o ibinangga?” tanong ni Kuya at nagtawanan ulit sila. “Ano ’yun, na-broken-hearted ka at naisip mong ayaw mo nang mabuhay kaya ibinangga mo?”

“Gago, di gan’un ang nangyari,” sagot ni Dylan.

“Sus, alam na namin ’yan. Wag ka nang magkaila. Tayu-tayo lang naman ang nandito. Akala ko ba naka-move on ka na sa kanya kaagad at may nahanap ka nang bagong chikas? Hindi ba ’yun ang sinabi mo matapos ang dalawang linggong paglalasing? Ano nga ba ang pangalan n’ung chick na ipinalit mo? Honey yata.”

“Tumahimik ka, Mac,” sabi ni Dylan.

Muntik na akong sumabog sa bwisit. *Leche talaga itong lalaking to! Dalawang linggo lang ay nakahanap na kaagad? Samantalang ako apat na buwan na hindi man lang nagkaroon ng crush! Ang kapal ng mukha!*

“Tama, Macky. Tandang-tanda ko ang gabing ’yun dahil nanlibre ito ng inom,” dagdag ng kapatid ko. “Pero pagkatapos ng isang linggo ay nagdrama na naman at mangiyak-ngiyak na sinabing hindi niya raw kaya. Galawang bakla ang gago,” kanyaw ni Kuya at napuno ng tawanan ang kotse.

I was too angry to feel flattered. Kahit siguro nagpakamatay si Dylan nang araw na iyon ay hindi pa rin ako matutuwa. Sino ba

naman kasi ang sasaya sa ideyang tama ang hinala mo—na isang gagong damuhong ang lalaking minahal mo nang ilang taon?

“Sino ba kasi ’yung bebot na kinabaliwan mo, Dy? Hindi mo man lang pinakilala sa amin. Chicks ba?”

“Siguro chicks nga ’yun, Robert, kasi itinago talaga ni Dylan, eh. Mantakin mo, gabi-gabi niyang kausap dati at kahit nagbabanyo siya ay dala-dala niya ang cell phone niya na para bang takot na takot maagawan ng bebot,” hirit ni Kuya Macky.

“Baka naman kasi hindi ’yun babae?” tukso ni Kuya. “Baka miyembro na pala itong si Dylan ng federasyon.”

“Pucha, hindi babae? Nawala antok ko d’un, ah.”

“Leo, paano ba ’yan, nagsasabay tayong maligo minsan. Iyon pala binobosohan na tayo ni Dylan.”

“Tangna, Sieg!” Parang diring-diri si Kuya Leo. “Shit! Kinilabutan ako d’un!”

“Hindi ako bakla at babae siya.”

“Yun naman pala. Babae naman pala,” my brother teased, glancing at us. “Kilala ba namin ’yan, Dy?” he asked and my palms sweated with nervousness when Dylan replied.

“Oo,” he said.

“Aba, himala. Gusto mo nang pag-usapan ’yung chickas mo ngayon?”

“Siegfred, ’wag mo nang barahin,” saway ni Kuya Macky.

“Mamaya hindi na ’yan magkwento. Gaano ba kayo katagal n’un? Inabot yata kayo ng taon, di ba?”

“One year, four months,” Dylan said and I suddenly felt like throwing up. I just felt so nervous.

“Nak ng! Gan’un katagal ’tapos hindi man lang namin nakita kahit dulo ng buhok ng chick na ’yan?” my brother asked in disbelief. “Bawal na pag-ibig ba ’yan?” he asked and the others laughed. “Bakit ba kayo naghiwalay?”

“Ewan ko ba d’un, bigla-bigla na lang nagagalit at hindi na

ako kinausap.”

Two-timer ka kasing hayop ka! Best friend ko pa! Kapal ng mukha mo!

“Wala na ba kayong chance magkabalikan n’un? Mukhang sineryoso mo ’yun, ah,” usisa ni Kuya Leo.

“Oo nga. N’un lang kita nakitang nagseryoso sa babae. At ang tagal n’yo, ha. Bago yata ’yun ay dalawang buwan lang ang pinakamatagal mong relasyon.”

“Tama ka, Robert. Balikan mo, Dy. Malay mo naman maayos n’yo pa,” my brother suggested.

“Ewan ko sa kanya,” Dylan answered with a shrug.

“Bakit hindi mo kaya itanong para matapos na ’yang pagiging emo mo!” my brother said with a guffaw. “Nagdadrama ka pa d’yan na parang bakla, eh, ang dali-dali namang itanong d’un sa babae kung gusto pa niyang makipagbalikan sa ’yo!”

“Oo nga!” the rest of them chorused.

“Itatanong ko ba?” Dylan asked, smiling.

I glared at him when I saw him looking at me.

“Oo!” they answered in unison. I felt him drape an arm around my shoulders and I widened my eyes meaningfully at him.

Loko ka! Wag kang magkakamali d’yan kung di sasapakin talaga kita! I frantically thought.

“Torpe mo naman, Dy!” kanyaw ng kuya ko. “Sabihin mo na!”

Dylan laughed before he pulled me to lean against him.

“Pwede ba tayong magkabalikan, Faith?” he asked and the car jolted to a stop as my brother stepped on the brakes.